# Mga Pagpapala ng Paglilingkod Bilang Missionary

Pag-aralan ang mga sumusunod na scripture passage at pahayag. Sa iyong pag-aaral, hanapin ang sumusunod:

1. Mga pagpapalang maibibigay ng Panginoon sa iba sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap bilang missionary.
2. Mga pagpapalang maibibigay sa atin ng Panginoon sa pagmimisyon.

Doktrina at mga Tipan 4:1–4


Doktrina at mga Tipan 15:6

Doktrina at mga Tipan 18:14–16

Doktrina at mga Tipan 31:3–8

Doktrina at mga Tipan 50:22

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson:



Mga kapatid, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay kailangan ngayon nang higit kailanman. Ang pagtatalo ay lumalabag sa lahat ng kinakatawan at itinuro ng Tagapagligtas. Mahal ko ang Panginoong Jesucristo at pinatototohanan ko na ang Kanyang ebanghelyo ang *tanging* pangmatagalang solusyon para sa kapayapaan. Ang Kanyang ebanghelyo ay isang ebanghelyo ng kapayapaan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:16]. . . .

*Lahat* ng missionary ay nagtuturo at nagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas. Kailangan ngayon ang liwanag ni Jesucristo nang higit kailanman dahil sa espirituwal na kadiliman sa mundo. Lahat ay nararapat na magkaroon ng pagkakataong malaman ang tungkol sa ipinanumbaik na ebanghelyo ni Jesucristo. Bawat tao ay nararapat na malaman kung saan siya makasusumpong ng pag-asa at kapayapaan na "hindi maabot ng pag-iisip" [Filipos 4:7]. (Russell M. Nelson, "Pangangaral ng Ebanghelyo ng Kapayapaan," *Liahona*, Mayo 2022, 6–7)

Itinuro ni Elder Marcus B. Nash ng Pitumpu:



Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay nagdudulot ng kagalakan at pag-asa sa mga kaluluwa ng nagbibigay at tumatanggap. Tunay ngang, "anong laki ng inyong kagalakan" [Doktrina at mga Tipan 18:15] kapag ibinabahagi ninyo ang ebanghelyo! Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay nagdaragdag sa taglay na kagalakan at pag-asa. . . .

Kapag pinili nating hindi ibahagi ang liwanag ng ebanghelyo, napupunta tayo sa kadiliman, kung saan madali tayong matukso. Higit pa riyan, ang kabaligtaran nito ay totoo: kapag pinili nating ibahagi ang liwanag ng ebanghelyo, mas ganap na nalalapit tayo sa liwanag na iyon at sa proteksyong ibinibigay nito laban sa tukso. Napakalaking pagpapala ito sa mundo ngayon! (Marcus B. Nash, "Itaas Ninyo ang Inyong Ilawan," *Liahona*, Nob. 2021, 71–72)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_603-1